ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 3 • Blg. 7 Hunyo 25 - Hulyo 1, 2018 • P10.00

**Mail Permit No. 2C-17-05-533**
Entered as 1st Class
Office of Entry: Bacoor City, Cavite

WANTED
TEACHER
Maliksi, Bacoor, Cavite
JUST CALL OR TEXT:
09171195117

# TULOY ANG MAGANDANG ADHIKAIN NG CAVITE PROVINCE PUBLISHERS LEAGUE INC.

p.2



p.8

## COMEDY O DRAMA, MADALI NA PARA KAY ELLA CRUZ

## EUGENE TORRE MULING MASISILAYAN SA BATUMI CHESS OLYMPIAD

pahina 6

## CAVITE GIVES RICE SUBSIDY TO RESIDENTS AFFECTED BYTYPHOON 'DOMENG'

pahina 5

## QUEZON PROVINCE, IDINEKLARANG FILARIA FREE NG DOH

pahina 11

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# TULOY ANG MAGANDANG ADHIKAIN NG CAVITE PROVINCE PUBLISHERS LEAGUE INC.

(Istorya at mga kuha ni JB)

**TINIYAK ng pamunuan ng Cavite Province Publishers League Inc. (CPPLI) 2018-2019, Publishers Association of the Philippines Inc. (PAPI)- Cavite Chapter na ipagpapatuloy ang magandang adhikain ng samahan.**

Ito ay matapos ang isinagawang CPPLI Election of Officers 2018 nitong nakaraang Hunyo 20 dakong alas-3:00 ng hapon na isinagawa sa Sugar Cube sa Bayan Luma 1, Imus City, Cavite.

Bago ang halalan, sa pamamagitan ng General Assembly ay inulat ni Rebeca 'Beck' Velasquez, pangulo ng samahan, ang accomplishment report ng CPPLI sa loob ng lumipas na dalawang termino o panunungkulan ng mga opisyales nito.

Nabatid na naisulong ang pagkakaroon ng patas na pagrarapol o raffle systems sa mga private notices sa mga accredited newspapers na kasali sa korte.

Isinulong din ang mga hakbang upang matigil ang bentahan ng mga notices (private at PAGIBIG) na umano'y nagresulta sa pagkakasuspendi ng isang publisher.

Sa pamamagitan din ng liderato ng CPPLI ay naiakyat sa P7,500 ang payment ng PAGIBIG mula sa P5,000 subalit ilang buwan lamang itong natamasa matapos muling ibalik sa P5,000 dahil na rin sa mga reklamo ng ilang publishers sa Cavite.

Hindi nagkukulang ang CPPLI sa pakikiisa at pagsusulong ng mga usaping national lalung-lalo na sa mga pagpapataas ng ads rate sa mga bangko (bank).

Nagbunga rin ang pagpupursigi ng CPPLI dahil nagkaroon ng magandang ugnayan ang mga publishers sa mga Executive Judge ng Cavite.

Naghain din ng opposition letter sa Metro Star News na nagresulta ng hindi pagkakaaprub ng accreditation nito sa korte.

Isinagawa rin ang fund raising hindi upang makalikom ng pondo bagkus ay upang mabayaran ang naiwang utang noong nakaraang pamunuan ng CPPLI.

Pagkatapos mailahad ang nasabing accomplishment report ay hiniling ng lahat ng kasapi ng CPPLI na manatili muna muli si Ms. Velasquez bilang presidente ng samahan ganoon din si Ms. Franchia Orlain bilang kalihim naman.

Tumanggi ang dalawa dahil bukod sa nakapagserbisyo na naman sila nang maayos sa samahan ay bunga na rin ng iba't ibang isyu kabilang ang maaaring ibato sa kanila na 'kapit-tuko' sa mga puwesto nila.

Gayunman naging matindi ang pakiusap at panghihimok ng mga miyembro ng CPPLI sa dalawang opisyal dahil nakikitaan sina Velasquez at Orlain ng kanilang senseridad para sa ikagaganda at ikatatagumpay ng CPPLI.

Dahilan na rin upang hindi na tumanggi at pumayag na rin ang dalawa subalit napagkasunduan na isang taon lamang ang kanilang muling ipanunungkulan.

Bunsod nito upang mapunuan ang iba pang kulang na opisyal ng CPPLI ay ginawa ang interim officers o ang paghahalalan para sa iba pang bakanteng posisyon ng samahan.

Nangangahulugan nito na ang set of officers ngayon ng CPPLI ay manunungkulan simula June 20, 2018 hanggang June 20, 2019 at isasagawa na ang takdang eleksiyon na naayon sa batas ng samahan o ng itinatakdang by laws nito.

"Kung makakarinig kayo ng hindi maganda laban sa inyong president at secretary, bilang mga miyembro na humiling sa kanila ng muling panunungkulan ay karapatan ninyong ipagtanggol sina Velasquez at Orlain," bahagi ng payo ni Mr. Ruel Francisco ng Philippine Information Agency, isa sa mga adviser ng samahan na siyang tumayo o umaktong election officer sa isinagawang CPPLI elections.

Napag-alaman na dapat nitong Pebrero 2018 isasagawa ang halalan subalit dahil sa mga hindi inaasahang pangyayari ay hindi ito natuloy.

May 23, 2018 ay nagkaroon ng pagtitipon na ginanap sa McDo sa Aguinaldo Highway, Imus City na nilahukan ng sampung kasapi ng CPPLI.

Napagkasunduan sa meeting na magpapadala ng registered mail sa mga publishers na gusto pang sumama sa CPPLI at itinakda nga ang general assembly and election of officers ng June 20, 2018.

Isa rin sa napagkasunduan na kung hindi makakadalo ang publisher ay pwede itong magpadala ng authorization letter na nagsasaad na maaaring bomoto ang kanyang representative.

Sa pagtatapos ng halalan ay nagkasundo ang lahat ng bumubuo ng CPPLI ng mga programang ikagaganda ng samahan.

Sang-ayon din ang lahat sa pagdalo sa bawat ipapatawag na meeting at ang pag-aayos ng monthly dues.

Binanggit din ng grupo ang katagang 'respeto' sa bawat isa upang mapanatili ang maayos at magandang pagsasamahan.

Samantala, nagalak naman si G. Ely Taparan sa magandang adhikain ngayon ng CPPLI.

Si Mr. Taparan ay isa sa founder ng samahan at siyang gumawa ng konstitusyon na nagsilbi bilang adviser sa kabila na hindi ito publisher.




**CPPLI- PAPI Cavite Chapter set of officers 2018-2019** mula sa kaliwa Rudy Evangelista (Auditor) Portia Britanico (Tresurer), Rebecca Velasquez (President), Ms. Alma O. Ochotorena , Director for Luzon ng PAPI na isa sa Board of Election Officers, Ed Cuvinar (Vice President) , Maria Francesca Orlain (Secretary) at Romeo Santos (Sgt. At Arms/Liaison Officer).




THUMBS UP ang mga bumubuo ng CPPLI kasabay ng kanilang pagkakaisa at pagpapahayag ng pagpapairal ng respeto sa isa't isa para sa ikagaganda at tagumpay ng samahan.

# Dengue fever cases rise 79% this year in Cavite

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite** - The Provincial Health Office's (PHO) Epidemiology and Surveillance Unit (PESU) disclosed on Tuesday that the number of dengue fever cases in Cavite province reached 2,403 in the first semester of the year, up 79 percent from 1,343 cases in the same period last year.

In a report shared by the team of physicians from PESU, headed by Dr. Nelson C. Soriano, of the total number of cases reported this year, 72% (or 1,726 cases) were hospitalized and 29 others were laboratory confirmed. There were 12 reported deaths.

As in the past, PESU clarified to the public that "the recent increase in the number of dengue cases has nothing to do with Dengvaxia or the dengue vaccine."

Report said that Bacoor City ranks first with the highest number of cases (302, or 13 percent), with the cities of General Trias and Imus, following at 2nd and 3rd with 299 and 270 cases, respectively.

Naic town is now ranked 4th, with 221 cases, followed by Dasmariùas City (185), Tanza (174), Rosario (140), Trece Martires City (129), Silang (128) and Noveleta (103).

The ages of the dengue patients ranged from 4 months to 95 years (Meridian, 12 years) with majority of the cases (53%) affecting males.

Aside from the series of information dissemination drive at the onset of the rainy season, the PHO, has also embarked on efforts to ensure that measures to manage the environment to reduce mosquito reproduction and activity of the carrier are in place.

The PHO is also ensuring that community members will do their part to reduce viable breeding areas for mosquitoes.

For its monitoring dashboard for dengue, the focus area strategy includes identifying risk areas (construction and drainage sites, vacant premises and breeding prone trades like tires and bottles), enabling of pre-emptive measures, forewarning local communities and preventing a large outbreak.

Dengue is a disease caused by a virus of the genus flavivirus and is most commonly known as a mosquito-borne disease. Cases could become rampant during the wet/rainy season. ***(Gladys Pino- PNA)***



# KAKAMPI MO ANG BATAS

Atty. Batas Mauricio

## Pagbabago sa puso ng tao, hindi sa sistema ng gobyerno

**INSPIRASYON SA BUHAY: "**… Ang taong ganid at gahaman ay lumilikha ng kaguluhan, ngunit ang nagtitiwala kay Yahweh, uunlad ang kabuhayan…" (Kawikaan 28:25, Bibliya).

-ooo-

**PAGBABAGO SA PUSO NG TAO, HINDI SA SISTEMA NG GOBYERNO**: Mukhang kailangan ng Pangulong Duterte na bumisita ng palihim sa Olongapo City sa lalong madaling panahon at ng mabasa niya ang ilang di naman kalakihang mga karatula na nakakalat sa lungsod at nagsasabing "Change in men, not of men" o sa Filipino, "pagbabago sa puso ng mga tao, hindi ng tao lamang."

Kasi, pag ito ang binulay-bulay na mabuti ng Pangulo, makikita niyang hindi talaga kailangan ang sistemang pederalismo sa ngayon sa ating pamahalaan, at maaari pa rin nating ipagpatuloy ang umiiral na presidential form of government. Sa totoo lang, wala sa sistema ng gobyerno ang ikahuhusay ng pamamahala.

Nasa tao mismo ang ikahuhusay ng pagpapatakbo ng pamahalaan. Kaya nga sinasabi natin, hindi kailangang magpalit ng gobyerno. Ang dapat ipagpilitan ng Pangulong Duterte, kung nais talaga niya ng mabiyayang pagbabago sa bansa na kanyang maipagmamalaking pamana sa bayan, ay ang pagbabalik ng kabutihan sa puso ng mga Pilipino, na magagawa lamang kung babalik ang mga Pilipino sa Diyos. Pero, kaya kaya ni Duterte na gawin ito?

-ooo-

**VP LENY, KIKO, DAPAT MAGBALIK-ARAL SA "POLICE POWER"**: Dapat marahil magbalik-aral itong sina Vice President Leny Robredo at Sen. Kiko Pangilinan upang maunawaan nilang ang ipinaiiral ngayon ng gobyernong Duterte sa kampanya nito laban sa mga istambay ay hindi ang mga batas-kriminal sa Pilipinas, kundi ang karapatan ng pamahalaan na kinikilala bilang "police power".

Pareho kasing ipinangangalandakan nina Robredo at Pangilinan (na kapwa matataas na pinuno ng Liberal Party, ang partido ng mga lumalaban sa Pangulo) na ang pagiging istambay ay hindi na isang krimen sa ngayon kaya hindi diumano, ayon sa kanila, pupuwedeng mang-aresto ninuman dahil lamang sa sila ay tambay.

Sa totoo lang, kung magiging makatotohanan lamang ang dalawang ito, mauunawaan nilang hindi naman nang-aaresto ang kapulisan sa ngayon dahil ang mga tao ay istambay. Ang panghuhuling isinasagawa ng mga pulis sa ngayon ay batay sa paglabag sa mga ordinansa ng mga lungsod o bayan kung saan naganap ang panghuhuli. Ang tawag dito ay "exercise of police power", o pagpapatupad ng karapatan ng bayan na tiyakin ang kapayapaan at kaayusan.

-ooo-

**PLANO SA LIGUASAN MARSH BAKA MAS MALALANG DIGMAAN ANG DULOT:** Sang-ayon ako sa plano ng Pangulong Duterte na ibigay ang anumang langis na makukuha mula sa Liguasan Marsh sa Mindanao sa mga sinasabi niyang Moro people dahil tiyak namang makikinabang din naman ang buong Mindanao sa kaganapang iyon. Pero may problemang legal ang ganitong plano.

Una kasi, may tinatawag tayong "Regalian doctrine" sa ilalim ng Saligang Batas ng 1987, na kinikilala ng mga luma at bagong batas sa Republika, at maging ng mga desisyon ng Korte Suprema. Ayon sa doktrinang ito, ang lahat ng mga lupa at mga tubigan sa Pilipinas ay pag-aaring lahat ng sambayanang Pilipino, kung kaya't ang buong sambayanan ang dapat makinabang.

Ngayon, kung ibibigay lang sa mga Moro people ang langis sa Liguasan Marsh, lilitaw na pagkakaitan natin ang iba pang mga Pilipino. Magiging mitsa lalo ito ng paglalaban-laban, una sa mga kasuhan sa hukuman, at, pag lumaon, ng armas sa armas o ng isang madugong digmaan. Marahil, kailangang gumawa ng paglilinaw ang Pangulo sa isyung ito sa lalong madaling panahon.

-ooo-

**PARA SA MGA TANONG, REAKSIYON**: Kung mayroon pong gustong magtanong sa akin sa mga bagay na tinalakay dito o sa ibang isyu, o magsangguni ng kanilang mga problema, anuman ang problemang iyon, tawag po kayo sa 09778059058, o mag-email sa batasmauricio@yahoo.com o mag-post sa www.facebook.com/attybatas. Promise, sasagot po agad ako. Salamat sa Diyos sa Ngalan Ni Jesus, Amen!

# SALUYOT

FLORENDO CACACTIN



## Naayon sa legal

PINALALAKAS ng Philippine National Police ang kanilang Anti-Tambay Operations.

Sa mga unang bugso pa nga lamang ng mga operasyon ng pamunuan ng National Capital Region Police Office (NCRPO) ay libu-libo na ang naaresto.

Batay sa ipinarating na report sa tanggapan ni PNP chief Director General Oscar Albayalde, ang mga nahuli ay mayroong mga nalabag na ordinansa base sa ipinatutupad ng mga lugar na pinagsagawaan ng police operations.

Paano nga ba idedetermina ang isang tao o grupo bilang tambay o mga tambay?

Maging ang ating PNP chief ay nagsabi na sila mismo ay walang malinaw na guideline upang ituring na tambay ang isang tao.

Ang batayan na lamang ng kapulisan sa pag-aresto ay kung mayroong nilabag ang isang tao na ordinansang ipinatutupad ng isang bayan o lungsod.

Siguro naman ay aware kayo sa mga ordinansa na ipinatutupad sa inyong lugar kagaya ng pagbabawal ng paginom ng alak sa kalsada, half-naked o walang suot na pang-itaas at marami pang iba.

Kung may nilabag na ordinansa, malinaw na hindi ka inaresto bilang isang tambay.

Hinuli ka dahil mayroon kang batas na nilabag, malinaw naman po hindi ba?

Kung mayroon naman sapat na katibayan o dahilan bakit nasa labas ka pa ay hindi maaaring isagawa ang pag-aresto sa iyo.

Ang dapat ay kailangang ipabatid ng mga pulis kung bakit o anong dahilan ng kanilang ginawang pag-aresto sa isang tao.

Masaklap naman dito ay may ilang pulis na tila naabuso ang kanilang kapangyarihan bilang isang alagad ng batas.

Kaya roon pumapasok ang sinasabing paglabag sa karapatang pantao.

Bagay na binabatikos ng mga kritiko dahil nga sa sinasabing pang-aabuso ng ilang kapulisan.

Mas makabubuti o maganda siguro na kapag isinasakatupan ang ganitong operasyon ay mayroong kasama ang mga pulis mula sa Human Rights Commission, Public Attorney's Office at iba pang sangay na may kaugnayan dito kabilang ang media.

Sa mismong operasyon pa lamang ay matutukoy na kaagad kung may paglabag ba sa karapatang pantao ang isang pulis o mga pulis.


Maganda naman ang kautusan na ito Pangulong Rodrigo Duterte hinggil sa panghuhuli sa mga tambay sa mga lansangan.

Malaki ang kontribusyon nito para sa peace and order situation ng isang lugar.

Dapat nga lamang ay isakatuparan ito nang naayon sa legal o wasto.

# EDITORYAL

## Ano ang payak na paraan?



**ISINASAAD sa Local Government Code of 1991 na pinahihintulutan o binibigyan ng karapatan ang mga opisyal ng barangay para magkaroon ng pagmamay-aring baril.**

**Subalit malinaw na inihahayag dito na maaari lamang magamit ang armas sa mga insidenteng mangyayari sa loob ng barangay na nasasakupan nila.**

**Sa pagsusulong upang armasan ang mga barangay officials ay kaliwa't kanan ang tumututol dito.**

**Kasagutan nga ba ang pag-aarmas sa mga opisyal ng barangay para sa peace and order?**

**May nagsasabi na hindi ito ang sagot pero kung hindi nga ay ano ang mga payak na paraan upang matamo ang katahimikan at kapayapaan?**

**Tama na mandato ng kapulisan at militar ang pagtiyak sa kaligtasan at seguridad ng publiko.**

**Batid naman natin na may ilang pulis at sundalo na hindi alam ang tamang paggamit sa kanilang service firearms, paano pa kaya kung pati ang mga opisyal ng barangay?**


ADVERTISING RATES

COMMERCIAL --------- P200/col.cm
LEGAL/NOTICES ----- P160/col.cm



HANEP Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS** — *Publisher/Editor-in-Chief*
**JUNE BILLONES** — *Managing Editor*
**JOJO DEMETILLA** — *Advertising Manager*
**MARLON BAGUS** — *Associate Editor*

**ATTY. MELANIO 'BATAS" MAURICIO**
**ATTY. EUGENIO S. TUMULAK**
*Legal Counsel*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa 049 San Antonio 1, Noveleta, Cavite
Contact Nos. 0915-1328753/ 0999-3050106
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**



PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication



*Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.* papi

**IRESPETO NATIN...**

**ni Jojo Demetilla**



# PAGTAMBAY, TAONG SIMBAHAN, AT TALAMAK NA DROGA

Marami na tayong naririnig nababalitaan mga maanghang na salita at suggestion natatanggap mula sa mga kakilala at mga tagapakinig sa ating mumunting programa sa Radio program natin gabi gabi mula sa ating mga tagapakinig. Minsan may mga maanghan na suggestion at minsan naman may mga makatarungan din na mga pananalita na kapupulutan ng aral. Subalit nakakalamang ang mga kretiko mula sa hindi sumasang ayon sa paghuhuli o paninita sa mga istambay na dumideretso sa kulungan.

Halos 3 libo na ang mga nasisita o mahigit pa at may napapatay sa loob ng kulungan na hindi pa malaman kung ano ang tunay sa nangyayari na ikinagalit naman ng mga kaanak ni certain tisoy ng q.c. Pagtatanong lang tama ba ang gawaing ito ng authoridad na pagtambay ang isang tao sa isang lugar ay damputin na lamang na parang isang kreminal.

May mga kautusan o ordinansang pangbarangay at pang syudad at bayan tayo na dapat sundin subalit kung itoy gamitin sa marahas di tayo sumasang-ayon lalo kung wala namang kreming nagawa ang isang tambay sa kalsada o di naman lumalabag sa batas ang isang tambay maliban na lamang kung sablay ang kanyang gawi pwede sigurong gawin ng authorirdad sa isang tambaypero bigyan ntin ngtamang pagpatupad ng walang naaagrabyado kaysa mapintasan tayo.

May saligang batas po tayo na nakasaad nobody is above the law maski ang Pangulo ng bansa natin ay hindi po ligtas dito alam nya ito kung ang mga tambay na nanggugulo at naghahasik ng kremin dapat lang siguro huliin para hindi na makapangperhwesyo sa kapwa na matahimik na pamumuhay at higit sa lahat sana mabigyan ng kaukulang trabaho ang mga nakaistambay upang mananatili sa loob ng bahay kapag libre sa oras mas nanaisin panitong magpahinga o matulog kaysa nakaistambay sa kalsada.

Hindi naman siguro tama ang mga paratang ng ilang taga simbahan o mga kritiko ng Duterte Administrasyon na iparatang sa Presidente ang pagkakasawi ng ilang kaparian tayoy naniniwala na walang kinalaman ang Pangulong Duterte sa mga patayan nagaganap sa ilang kaparian siguro kailangan ang malalimang inbistigasyon upang malaman ang may kagagawan sa kreming itomadali ang humusga pero nakalimutan natin ang kasabihang turo kang turo sa isang daliri pero ang apat na hindadalire nakatutok sa katawan mo.

Ang Droga masasabi nating salot talaga ito sa lipunan parang kanser ito sa katawan ng isang tao na marami pa talagang bibiktimahin ito ultimo musmos na kabataan nadadamay sanhi narin ng kahirapan at kulang sa disiplina ang iilan kaya kinakagat pasukin ng iilan gusting takasan sa panandalian na gusting kumita at baka makajackpot at yumaman bigla kaya sinusunggaban ang ipinagbabawal na droga. Tama lang ang Pangulong Duterte na sabihing lalaban an nya ito hanggang matapos ang kanyang huling araw sa Malakanyang upang sugpuin ang ipinagbabawal na droga.

Sa ating mga tagasubaybay ng dyariong HANEP atng programa natin sa DZRJ 810KHz making sa oras ng 6pm hanggang alas 7pm lunes hanggang byenes at magparticipate sa isyong pinaguusapan. Please dial 8954460 and 8978374 o kayay magsend ng inyong mensahe cpno. 09154796581at lahat ng txt messages ay aming babasahin or email add… jojodemetilla@yahoo.com salamat po.

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**& EX-OFICIO SHERIFF**
**IMUS, CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, (otherwise known as **PAG-IBIG Fund**)
Mortgagee,

-versus-

**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER CT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**

**F.C.CASE NO. 16289-18**

**LEONARDO D. GAMLANGA** married to
**JHOAN T. GAMLANGA,**
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **PAG-IBIG FUND or HDMF**, mortgagee, with principal place of business at Rm.202, 2/F, The Atrium of Makati, Makati Ave., Makati City against **LEONARDO D. GAMLANGA married to JHOAN T. GAMLANGA**, mortgagor with residence and postal address at Lot 25-A, Blk. 1, Meadowville Subd., Anabu, Imus, Cavite and/or 154 Laurel St., BP Subd. Woodside 1, Imus, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of April 30, 2018 amounts to **ONE HUNDRED TWELVE THOUSAND SEVEN HUNDRED SEVENTY SEVEN PESOS & 66/100 (Php 112,777.66)**, Philippines Currency including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the, undersigned will sell at public auction on **July 24, 2018** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Imus, Cavite to the highest bidder, for **CASH** and in Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1152004**

"A parcel of land (Lot 25-A, Blk. 1, of the subd. plan, Psd-04-177459, being a portion of Lot 25, Blk.1, Psd-042109-064625, L.R.C. Rec. No. 8843), situated in Brgy. of Anabu, Mun. of Imus,Prov. of Cavite, Is. of Luzon. Bounded on the SE., along line 1-2 by Rd. Lot 1 (6.50 m wide); on the SW., along line 2-3 by Lot 24, Blk.1, both of Psd-042109-064615; on the NW., along line 3-4 by Lot 5612, Imus Estate; and on the NE., along line 4-1 by Lot 25-B, Blk. 11, of the subd. plan x x x containing an area of **FIFTY (50) SQUARE METERS**"

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **July 31, 2018** at 10:00 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **June 11, 2018**.

(Sgd) **ALEX E. MARTINEZ**
Sheriff IV

APPROVED: (Sgd) **REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI & Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
JELP Business Solution Center
409 Shaw Blvd., Mandaluyong City

**LEONARDO & JHOAN T. GAMLANGA,**
Lot 25-A, Blk. 1, Meadowville Subd.,
Anabu, Imus, Cavite

154 Laurel St., BP Subd. Woodside 1, Imus, Cavite

**Publication: HANEP** June 25, July 2 and 9, 2018

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**& EX-OFICIO SHERIFF**
**IMUS, CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, (otherwise known as **PAG-IBIG Fund)**
Mortgagee,

-versus-

**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**

**F.C.CASE NO. 16250-18**

**MICHAEL M. MENDOZA married to**
**MARIA LOURDES B. MENDOZA,**
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **PAG-IBIG FUND or HDMF**, mortgagee, with principal place of business at Rm.202, 2/F, The Atrium of Makati, Makati Ave., Makati City against, **MICHAEL M. MENDOZA married to MARIA LOURDES B. MENDOZA,** mortgagor with residence and postal address at Lot 30, Blk. 28, Phase 2, Greengate Homes, Malagasang 2A, Imus, Cavite and/or #217 Patinio St., Malibay, Pasay City, Metro Manila to satisfy the mortgage indebtedness which as of January 4, 2018 amounts to **FOUR HUNDRED FOURTY THOUSAND FOUR HUNDRED FOURTY TWO PESOS & 50/100 (Php 440,442.50)**, Philippines Currency including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the, undersigned will sell at public auction on **July 17, 2018** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Imus, Cavite to the highest bidder, for **CASH** and in Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1328322**

"A parcel of land (Lot 30, Blk. 28, of the cons-subd. plan, Pcs-04-023999, being a portion of Lots 1846-B, Psd-28429; 1848-B-2 (LRC) Psd-358499 & Lots 1847 & 1849 Imus Estate, L.R.C. Rec. No. 8843, situated in Bo. of Malagasang 2, Mun. of Imus,Prov. of Cavite, Is. of Luzon. Bounded on th NW., along line 1-2 by Lot 29, Blk. 28; on the NE., along line 2-3 by Lot 28, Blk. 28; on the SE., along line 3-4 by Rd.Lot 5; and on the SW., along line 4-1 by Lot 32, Blk. 28, of the subd. plan x x x containing an area of **THIRTY SIX (36) SQUARE METERS**"

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **July 24, 2018** at 10:00 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **June 20, 2018**.

(Sgd) **ALEX E. MARTINEZ**
Sheriff IV

APPROVED: (Sgd) **REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI & Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
JELP Business Solution Center
409 Shaw Blvd., Mandaluyong City

**MICHAEL & MARIA LOURDES B. MENDOZA,**
Lot 30, Blk. 28, Phase 2, Greengate Homes,
Malagasang 2A, Imus, Cavite

#217 Patinio St., Malibay, Pasay City, Metro Manila

**Publication: HANEP** June 25, July 2 and 9, 2018

# CAVITE GIVES RICE SUBSIDY TO RESIDENTS AFFECTED BY TYPHOON 'DOMENG'

**CAVITE CITY, Cavite — The provincial government of Cavite distributed rice to some 3,000 residents in Noveleta and another 2,000 local folks here on Sunday.**

Cavite Governor Jesus Crispin Remulla led the distribution of rice to residents affected by typhoon "Domeng" at the San Rafel School, Noveleta, and Barangay (village) 13 covered court in Cavite City.

"The rice subsidy for the affected communities did not come from me but from the taxes of the people," Remulla said.

"Ibinibigay lang po natin ang nararapat para sa ating mga mamamayan lalong-lalo na sa panahon ng kalamidad sa ating lalawigan (We give the affected constituents what they justly deserve particularly in times of calamity in the province)," he added.

Members of the governor's family, including Indang Councilor Ping Remulla assisted in the rice distribution to residents in Cavite's flood-prone and low-lying barangays that were inundated at the height of continuous monsoon rains.

Also present during the distribution were Provincial Administrator Boy Alvarez, Cavite City Mayor Bernardo Paredes, Vice Mayor Denver Chua, and Cavite 1st District Board Member Gilbert Gandia. ***(Dennis Abrina/ PNA)***



**RICE DISTRIBUTION FOR THE CONSTITUENTS IN NOVELETA AND CAVITE CITY:** Governor Boying Remulla thoughtfully distributed rice to three thousand residents from the municipality of Noveleta and two thousand locals from Cavite City on June 17, 2018 held at San Rafael 3 National Highschool, Noveleta and Barangay 13 Covered Court in Cavite City, respectively. The distribution was conducted for the less privileged Cavitenos who were affected by typhoon Domeng. Present during the distribution were former Noveleta Mayor Boy Alvarez, Cavite City Mayor Totie Paredes, 1st District Board Member Gilbert Gandia, and councilors and barangay captains from the two-recipient locality. Governor Remulla's sons, Indang Councilor Ping Remulla and Abeng Remulla were also present to assist in the distribution, together with the governor's granddaughter, Dia Remulla. Again, he echoed that the rice subsidy that were given to the community did not come from him but from the tax of the people. — **(PICAD)**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CITY**

**UNITED COCONUT PLANTERS BANK,**
Mortgagee,

**FORECLOSURE CASE NO. F-205-18**

-versus-

**SPS. ROBERT ESPAÑOLA MAYOR and MA. NORA HILA MAYOR,**
Mortgagors.
X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **UNITED COCONUT PLANTERS BANK** with business address at UCPB Executive Bldg., Makati Avenue, Makati City against the Mortgagors, **SPS. ROBERT ESPAÑOLA MAYOR and MA. NORA HILA MAYOR,**

with residence and postal address at Purok 10, Block 4, Lot 49 South Victoria Village, Bagong Tanyag, Taguig City, to satisfy the mortgage indebtedness which as of May 1, 2018 amounts to **ONE MILLION THREE HUNDRED TEN THOUSAND SIX HUNDRED FORTY SEVEN PESOS and 81/100 (P1,310,647.81),** Philippine Currency, inclusive of interest, penalty as of said date, & attorney's fees but exclusive of other obligation and charges that shall still accrue up to the date of the public auction, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **August 8, 2018** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for **CASH** and in Philippine Currency, the following described properties with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No: 057-2016023565**

**Lot No. 28** | **Block: 1** | **Plan No. Psd-04-227720**

**Portion of:** Block 9, Pcs-04-027725, Decreed No. 4270LRC Rec. No. 5964

**Location:** Barangay of Navarro, Municipality of Gen. Trias, Province of Cavite, Island of Luzon

**Boundaries:**

| Line | Direction | Adjoining Lots |
|---|---|---|
| 1-2 | NE | Road Lot 10, Psd-04-227720 |
| 2-3 | SE | Lot 29, Block 1, Psd-04-227720 |
| 3-4 | SW | Lot 73, Block 1 , Psd-04-227720 |
| 4-1 | NW | Lot 27, Block 1, Psd-04-227720 |

Area: FIFTY SQUARE METERS (50), more or less

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event of public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **August 15, 2018** without further notice.

Trece Martires City, **June 20, 2018**

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**Copy Furnished:**
**LEGAL SERVICES GROUP**
**Counsel for United Coconut Planters Bank**
9th Floor, UCPB Executive Building
Makati Ave., Makati City

**SPS. ROBERT & MA. NORA MAYOR**
Purok 10, Block 4, Lot 49 South Victoria Village,
Bagong Tanyag, Taguig City

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale.

**PUBLICATION: HANEP** June 25, July 2 and 9, 2018




# EUGENE TORRE MULING MASISILAYAN SA BATUMI CHESS OLYMPIAD

**KARAGDAGANG puwersa sa pambansang koponan ang pagkasama ng long-time vanguard ng Philippine Chess na si Eugenio "Eugene" Torre sa men's team na sasabak sa 43rd World Chess Olympiad na gaganapin sa Batumi, Georgia mula Setyembre 23 hanggang Oktubre 6 , 2018.**

Ito ang naging resulta sa pagpupulong ng board of director ng National Chess Federation of the Philippines sa Davao City kasabay ng pagbubukas ng 19th Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) Age Group Chess Championship sa The Royal Mandaya Hotel.

Ayon kay Philippine Executive Chess Association (PECA) founding president Atty. Cliburn Anthony Orbe na treasurer din at finance committee head ng National Chess Federation of the Philippines ay naisama sa line-up ng Philippine Men's Team si Torre dahil na din sa magandang performance ng huli (Torre) sa nakalipas na pandaigdigang kumpetisyon.

Ang 66 anyos na si Torre ay bronze medal sa board three sa last Olympiad sa Baku, Azerbaijan noong 2016. Ito na ang pang ika-24 na Olympiad chess appearance ni Torre.

Naisama din sa listahan ng men's team ay sina US based GM Julio Catalino "Ino" Sadorra at GM John Paul Gomez para makasama ang mga dumaan at nagpakahirap sa qualifying round na sina International Master Haridas Pascua, International Master Jan Emmanuel Garcia at Fide Master Mari Joseph Turqueza na nagsalo sa unahang puwesto.

Sa panig naman ng kababaihan ay outright seeded sina country's first Woman GM Janelle Mae Frayna, WIM Bernadette Galas at Singapore based WIM Jan Jodilyn Fronda at makakasama naman ang mga nagtagumpay sa qualifying round na sina WFM Shania Mae Mendoza, WIM Catherine Perena-Secopito at WIM Marie Antoinette San Diego.

Daraan muna din sila sa intensive training at posible isang manlalaro sa men's at women's team ang hindi makakalaro sa Olympiad dahil na din ang rules and regulation ngayon ay tig limang manlalaro na lamang sa men's at women's side, hindi gaya nuon na tig anim na manlalaro.

Sa intensive training talagaag sasalain ang pinaka "best" na tig 5 manlalaro sa men's at women's team na siyang kakatawan sa bansa. Nagbigay naman ng kahandaan si 13-times Philippine Open champion GM Rogelio "Joey" Antonio Jr. na tutulong sa pambansang koponan kung sakaling naisin ng chess federation na maging national coach siya at makatulong sa ikagaganda ng performance sa taong ito.

**(Marlon Bernardino).**



**GLOBALPORT VS PHOENIX** / MATIKAS na di nagpatinag si Globalport point guard Juan Elorde kontra sa depensa ni LA Revilla ng Phoenix sa maaksyong tagpo nila sa 2018 PBA Commissioners Cup sa Smart Araneta Coliseum. **(RGN)**

# Roberto Suelo Jr. target ang International Master title

Tatangkain ni Roberto Suelo Jr. na makopo ang coveted International Master title sa mga torneo sa Singapore at Malaysia bago matapos ang taong ito.

Naka proseso na ang Fide Master (FM) title ni Suelo habang nakamit na niya din ang online Arena Grandmaster (AGM) title, at inaasahan mapapalaban ng husto sa mga bigating makakatungali sa nalalapit niyang mga torneo.

"I have to learn to beat stronger players to get the coveted International Master title." sabi ni Suelo na nag courtesy call kay Mandaluyong City ABC president at Barangay Malamig chairman Marlon Manalo nitong Martes.

"I have no doubt that (Roberto) Suelo will get his full pledge IM title in the near future," ani naman ni Marlon Manalo, former world snooker at billiard champion at League of Barangays National PRO.

Ang 1996 Philippine Junior Champion at former top player ng Barangay Malamig, Rizal Technological University Chess Team sa Mandaluyong City ay nanaig kay national coach Fide Master at International Master candidate Roel Abelgas sa kanilang one game play off match para makausad sa finals ng National Chess Championships na pinagharian naman ni defending champion Haridas Pascua ng Baguio City.

Mas kilala sa tawag na "Nonoy" (na ang kahulugan ay mallit na bata) sa chess world ay nagpakita ng kahandaan sa 41st Queenstown Chess Club Championship 2018 sa Hunyo 24, 2018 na gaganapin sa Queenstown Chess Club sa Singapore.

Naka schedule din siya maglaro sa Nangyang Racial Harmony Team Chess Challenge 2018 sa Hunyo 28, 2018 kasunod ng ASEAN Chess Academy July edition na parehong gaganapin sa Singapore.

Ang kanyang main tournament ay ang 15th Malaysian Chess Festival sa Agosto 17 hanggang 27, 2018 at ang Penang International Open at Johor International Open sa Disyembre na gaganapin sa Malaysia.**(Marlron Berrnardino)**.




**PSL CHAIRMAN** / NAGPAHAYAG ng mahalagang detalye si Philip Elia Juico PSL Chairman, sa harap ng mga sports media kaugnay sa pagbubukas ng Chooks to Go Philippine Superliga Invitational 2018 ng ganapin ang pagtitipon sa Amelie Hotel Manila, kasama sa larawan sina Dr. Ian Laurel at Ginio Panganiban, PSL Director Ariel Paredes PSL Director, Mrs Pat Hizon, Head for Sports ESPN5 at iba pang sponsor ng nasabing events. **(RGN)**




**SEATA MEN LEAD PACK / FOLLOW THE LEADER !!** Nangunguna sa tagpong ito si John Chicano habang nakasunod ang iba pang mga katunggali sa Southeast Asian Triathlon (SEATA) Sprint Championships, Subic Bay Freeport Zone. Men division **(RGN)**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## 'Padre Kalibre'

INILANTAD ng isang parishioner mula sa Calamba City, Laguna ang tungkol sa umano'y palihim na ginagawang pag-aarmas ng ilang pari sa kanilang lugar.

Tahasang sinabi ni Atty. Francisco dela Cruz batay sa panayam sa kanya ng isang radio station na dalawang pari na sa kanilang lugar ang may-roon ng baril.

Sabi pa ng abogado, kapwa calibre .45-pistol ang umano'y nasa pag-iingat ng dalawang pari.

Sinusulat ko ang pitak na ito ay nabanggit pa ni Atty. Dela Cruz ay may isa pang pari na nagbabalak na rin umanong bumili ng baril.

Usap lang po, nararapat o napapanahon na ba upang ang mga alagad ng Simbahan ay maarmasan?

Dahil nga ba kaya sa mga insidente ng pagpatay na tatlong pari ang magkakasunod na pinaslang simula noong Disyembre ng nakalipas na taon.

Kung totoo ang inihayag ng naturang abogado ay maaaring magsisilbing proteksiyon lamang ng mga pari sa Calamba City ang baril na binili ng mga ito.

Pero alam naman natin na mahigpit ang pagtutol dito ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP).

Ang paliwanag ni CBCP President Davao Archbishop Romulo Valles, bilang isang alagad ng simbahan ay tungkulin nila na harapin ang ano mang panganib.

Bilang isang pari ay bahagi raw ito ng kanilang tungkulin o misyon.

"We are men of God, men of the Church and its part of our ministry to face dangers, to face deaths if one may say it that way. But we would do it just what Jesus did," ito ang naging statement ng nasabing arsobispo.

Ibig sabihin ay hindi uubrang maging 'Padre Kalibre' ang bawat pari.

Parang pelikula noon ng beteranong aktor na si Eddie Garcia.

Pero iba naman po ang tema o takbo ng istorya ng nasabing pelikula.

Kung tungkol naman sa pag-aarmas sa mga pari ay nakasuporta naman dito ang Philippine National Police.

Iyon nga lamang pahayag ni PNP chief Director General Oscar Albayalde na dapat ay dadaan sa legal na proseso.

Karapatan nga naman ng sino mang Filipino na makapag-armas subalit dadaan lang sa proseso.

Pero muli ay tutol ang CBCP dahil sa paniwala na ang pagkakaroon ng baril ng mga pari ay hindi solusyon.

Ang hindi lamang natin maintindihan ay ang pahayag pa ng CBCP na bagkus ay mas malaking gulo lang umano ang idudulot nito.

Bakit nga ba? Kayo na po ang humusga.

---

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
FOURTH JUDICIAL REGION
BRANCH 23
TRECE MARTIRES CAVITE

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
Mortgagee,

-versus-

FORECLOSURE CASE NO. F-025-18

MARIE ANTHONETTE G. HOWARD,
Mortgagor(s),

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND, with business address at 14th Floor, JELP Business Solution Center, N0. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City, against the Mortgagor/s MARIE ANTHONETTE G. HOWARD, with residence and postal address at No. 21 Panay St., Philam Life Village, Las Piñas City, Metro Manila to satisfy the mortgage indebtedness which as of October 2, 2017 amounts to TWO HUNDRED FIFTY SEVEN THOUSAND EIGHTY EIGHT PESOS AND 18/100 (P 257,088.18), Philippines Currency including interest and penalty charges as of said date but excluding foreclosure expenses and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on October 17, 2018 at 2:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property/ies with all the improvements thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1215422

